INCITEGov
International Center for Innovation, Transformation and Excellence in Governance

Democratic Politics
Good Governance
Development Outcomes

GABAY SA TAGAPAGPADALOY NG MODYUL

# Politika, Mabuting Pag-gogobyerno, at Kaunlaran

Ang modyul na ito ay mula sa International Center for Innovation, Transformation and Excellence in Governance, Inc. (INCITEGov).

Ito ay maaaring masipi o maireprint nang libre, kung may kaukulang pagkilala sa INCITEGov.

## PROJECT TEAM

DINKY SOLIMAN (+)
PHILIP ARNOLD TUAÑO
VERONICA VILLAVICENCIO
MARJ IBAÑEZ
SHEI DATINGUINOO
VERLIE RETULIN
ANGELLE ROSE BRAGANZA
NICOLE PANGILINAN

# Nilalaman


| | |
|---|---|
| Layunin | 1 |
| Paghahanda | 2 |
| Balangkas | 3 |
| **Mga Sesyon** | |
| 0 Pambungad | 5 |
| 1 Katangian ng demokratikong pinuno at relasyon | 7 |
| 2 Pagpapahalaga at pangarap na pag-unlad | 15 |
| 3 Malawak na kapangyarihan ng gobyerno | 21 |
| 4 Panawagang pagkilos: Pakikilahok sa politika | 26 |
| Sanggunian | 31 |

# Layunin

Layunin ng modyul na ito na maitawid ang mahahalagang konsepto tungkol sa politika, mabuting pag-gogobyerno, at kaunlaran (Politics-Governance-Development o P-G-D) sa paraang magbubukas ng tunay na dayalogo at ugnayan para sa mga indibidwal at grupo na:

- mula sa mga batayan at propesyonal na sektor na hindi pa malawak ang karanasan sa pakikilahok sa pulitika;
- naniniwalang may kailangang mabago sa kalakaran sa lipunan;
- interesado o may kahandaang alamin ang lagay ng bansa.

Para sa mga tagapagsanay, tagapagpadaloy, at lider ng sektor, maaring magamit ang modyul upang:

- mabigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na makapag-usap at mapag-aralan ang pananaw sa mga isyu;
- mapalinaw ang ibig sabihin at kahalagahan ng demokrasya at mabuting pag-gogobyerno;
- maging sanggunian o reference sa pagbuo ng pinagbuting modyul na aakma sa iba't ibang katangian at pangangailangan ng sektor.

Para sa mga bago pa lamang makakalahok sa ganitong uri ng pag-aaral at pagsusuri, ang modyul ay inaasahang magdudulot ng:

- pagkaunawa sa mga konsepto ng P-G-D at ang kaugnayan nito sa pang-araw-araw na buhay;
- pagbibigay-halaga sa mga katangian ng demokratikong lider at demokratikong pag-gogobyerno;
- pagkilala at pagrespeto sa iba't ibang pananaw sa mga isyu;
- interes na alamin at suriin ang mga isyu at makilahok sa proseso ng pagbabago ng lipunan.

# Paghahanda

### Para sa mga kalahok online

Idinisenyo ang modyul para sa pag-uusap kung saan ligtas at malayang makakapagbahagi at masinsin na makakapakinig ang isa't isa. Mahalaga na ang mga kalahok ay:

- Hindi tataas sa sampu (10)
- Nasa tahimik at walang gambalang lugar
- May mabilis na internet

Maaaring hatiin  ang pagpapadaloy sa apat (4) na tig-dalawang (2) oras para maiwasan ang *'fatigue'* at *'information overload'* na likas sa mas matagal at tuloy-tuloy na mga pag-aaral online.

- Unang araw: Sesyon 0, Sesyon 1
- Pangalawang araw: Sesyon 2
- Pangatlong araw: Sesyon 3
- Pang-apat na araw: Sesyon 4

### Para sa mga kalahok offline o face-to-face

- Mula sampu (10) hanggang dalawapu (20) ang ideyal na kalahok.
- Maaaring hatiin ang pagpapadaloy sa dalawang (2) araw, simula 9:00 a.m. hanggang 2:00 p.m. kada araw.

- Unang araw: Sesyon 0, Sesyon 1, Sesyon 2
- Pangalawang araw: Sesyon 3, Sesyon 4

### Iba pang paalala para sa tagapagpadaloy

- Maaring mag-disenyo ng mas maikli o mahabang sesyon depende sa pangangailangan at sitwasyon ng mga kalahok.
- Kilalanin at pag-aralan ang mga katangian ng mga kalahok bago simulan ang modyul.
- Magsagawa ng pre-test sa Sesyon 0 at post-test pagkatapos ng Sesyon 4.
- Masusing irebyu ng mga pangunahing paksa at layunin ng bawat sesyon. Ihanda ang mga presentasyon.

# Balangkas

| Sesyon | Pangunahing Paksa | Gawain |
| --- | --- | --- |
| **0** Pambungad | • Introduksyon | • Pagpapakilala ng isa't isa<br>• Paglalahad ng mga kalahok: mga inaasahan<br>• Pagbabahagi ng tagapagpadaloy: pre-test, layunin, daloy, house rules, iba pang mga paalala |
| **1** Katangian ng demokratikong pinuno at relasyon | • Katangian ng demokratikong lider<br>• Ang kapangyarihan bilang basehan ng mga relasyon | • Pangkatang pagbabahagi: Katangian ng ok at hindi ok na relasyon<br>• Lektyur: Katangian ng demokratikong lider<br>• Lektyur at Pagsasanay: Power With, Power Under, Power Over, Power Within |
| **2** Pagpapahalaga at pangarap na pag-unlad | • Larawan ng maginhawang buhay<br>• Paglilinaw ng pagpapahalaga | • Indibidwal na gawain: "Vision board"<br>• Lektyur: Tunay na Pagpapakatao at Pagkamakatao<br>• Lektyur: Pagpapalinaw ng Pagpapahalaga (Values Clarification) |

# Balangkas

| Sesyon | Pangunahing Paksa | Gawain |
|---|---|---|
| **3**<br>Malawak na kapangyarihan ng gobyerno | • Ang mga demokratikong institusyon at ang mabuting paggogobyerno | • Panonood ng video at lektyur: Ang iba-ibang tugon sa pandemya, krisis, o sakuna ng ating mga lokal at nasyonal na lider<br>• Pagbabahagi ng mga kalahok: Reaksyon sa video at lektyur; personal na karanasan |
| **4**<br>Panawagang Pagkilos: Pakikilahok sa politika | • Kahulugan ng pulitika at halaga ng pakikilahok dito<br>• Pagtatawid ng natutunan patungo sa konkretong aksyon | • Panonood ng video<br>• Pagpunan ng mga patlang<br>• Lektyur: Iba't-ibang paraan ng pakikilahok<br>•<br>• Pagbabahagi ng mga kalahok: Paggamit ng kapangyarihan bilang mamamayan para maisulong ang pagbabago sa mga isyu |

# Pambungad

*~ 30 minuto*

0

**Layunin**

- Magkakilanlan ang isa’t isa
- Magkaalaman ng mga inaasahan
- Maibahagi ang mga layunin at daloy ng mga sesyon
- Mailahad ang *house rules* at iba pang mga paalala

**Paghahanda**

- Alamin ang kalagayan at karanasan ng mga kalahok para mai-akma ang tono at istilo ng pagpapadaloy sa modyul
- Ihanda ang mga sumusunod na materyal:
    - pre-test
    - video para sa dasal, *centering, o grounding*

**Gawain**

**Sabihin**

- Salamat at welcome sa ating unang araw ng pagsasama. Ako si ___, ang inyong tagapagpadaloy. Bago tayo magsimula, pakisagutan ang isang maikling pre-test.

- Maraming salamat sa pagsagot sa pre-test. Panoorin naman natin ang isang centering o grounding video na magdadala sa atin sa payapa at ligtas na kasalukuyan.

Ilang *house rules* at mga paalala:

1. Manatiling bukas ang bawat isa sa iba't ibang kaalaman at pananaw. Maging kampante na ito ay isang "safe space" kung saan malaya tayong makapagbabahagi.
2. Ang *recording* ng mga sesyon ay para lamang sa dokumentasyon at hindi isasapubliko.
3. Ipapatupad ang *Chatham House Rule* na nagsasabing maaaring gamitin ang mga naibahagi ng mga kalahok subalik hindi maaaring tukuyin at isapubliko kung sino ang nagbahagi.

# 0

**Gawain**

## Itanong

- Kumusta kayo? Maaari bang magpakilala tayo sa pamamagitan ng pagbabahagi ng iyong pangalan, edad, eskwela/organisasyon, o trabaho.?
- Ano ang bagay o pangyayari na nakapagpasaya sa iyo ngayon o nitong mga nakaraang linggo?
- Ano ang iyong mga inaasahan sa mga sesyon?

## Sabihin

- Salamat sa mga pagbabahagi. Layunin ng modyul na ito na maitawid ang ilang mahahalagang konsepto ng politika, mabuting pag-gogobyerno, at kaunlaran (Politics-Governance-Development o P-G-D) sa paraang magbubukas ng tunay na dayalogo at ugnayan natin sa isa't isa.
- Karaniwang ang tingin natin sa politika ay magulo o masama. Dahil dito, ayaw na nating makialam at makisangkot. Subalit kung pababayaan natin ang pamamalakad ng ating bansa sa mga politiko lamang, ano ang mangyayari? Bakit kailangan at mahalaga na tayo ay umunawa, makialam, at makisangkot sa mga takbo at pangyayari sa ating lipunan? Ito ang ating aalamin at pag-uusapan sa susunod na mga sesyon.

  Simulan na natin!

# Katangian ng demokratikong pinuno at relasyon

*~ 1.5 oras*

1

**Layunin**

- Masuri ang mga katangian ng isang demokratikong lider
- Masuri ang katangian ng relasyon sa pagitan ng isang demokratikong lider at ang kanyang pinagsisilbihan
- Unawain ang kapangyarihan bilang basehan ng mga relasyon

**Paghahanda**

- Ihanda ang presentation slides:
  - Katangian ng Lider
  - Power

**Gawain**

### Sabihin

- Lahat tayo ay bahagi ng iba't ibang relasyon: relasyon sa kaibigan, relasyon sa kapamilya, relasyon sa katrabaho, relasyon sa lipunang kinabibilangan, relasyon sa mga pinuno ng ating pamahalaan.
- Lahat tayo bilang bahagi ng mga relasyon ay dumadaan sa ilang mga pagsubok. Lahat tayo ay nagmamahal, nasasaktan, at nagmo-move on.
- Ang sesyon na ito ay pagkakataon para suriin natin ang mga katangian o batayan ng matiwasay na ugnayan natin sa ating ka-relasyon maging ito ay sa pamilya, kaibigan, o partner at iuugnay natin ito sa pagpili ng tamang lider para sa ating bansa.

### Pangkatang pagbabahagi

- Igrupo ang mga kalahok sa dalawa. Magtalaga ng tagapagpadaloy at taga-tala/taga-ulat.

- Maglaan ng ilang minuto para tahimik na magnilay at sariwain ang mga pagkakataon na nagmahal, nasaktan at nag move on. Base dito, ibahagi sa ka-grupo ang mga katangian ng OK na relasyon (unang grupo) at ang mga katangian ng HINDI OK na relasyon (ikalawang grupo).
- Ibahagi ng mga takdang taga-ulat ang resulta ng diskusyon ng bawat grupo.

*Isadula ang mga eksenang nagpapakita ng OK at HINDI OK na relasyon kung may mahabang oras sa face-to-face na sesyon.*

# 1

**Gawain**



Mga kaugnay na konsepto:

- **may *give and take***
- **may komunikasyon tungo sa pagkakaunawaan**

*Gamitin ang presentation slides sa para sa mga simpleng tanong kaugnay ito. Kumuha ng halimbawa sa mga naibahaging sitwasyon sa isang relasyon kung saan naipakita ang katangiang ito.*

## Lektyur 1: Katangian ng Isang Mabuting Lider

- Ang mga katangian na base sa karanasan ay nakita nating taglay ng isang OK na relasyon ay siya ring mga katangian na dapat hanapin sa ating relasyon sa isang lider. Kung gagawin itong batayan sa pagpili ng isang lider, mas lilitaw ang mga lider na nagsasabuhay ng mga katangiang nabanggit.

- Hindi ba gusto natin na OK din ang relasyon natin sa ating mga lider? Nabanggit na ninyo ang ilan sa mga batayan para mas may tsansang magkatatotoo ito. Himayin natin.

- Una, siya ba ay **PARTICIPATORY** o mapagsangguni?

Masaya tayo sa isang relasyon kung saan tayo ay napapakinggan at kasama tayo sa pagdedesisyon.

Ganyan din ang gusto nating ugnayan sa ating mga lider, dahil kinikilala ng ating Konstitusyon ang karapatan ng lahat ng Pilipino sa mainam na pakikilahok sa mga pagpapasyang makakaapekto sa ating pang araw-araw na buhay.

Ang isang demokratikong lider ay sumusuporta sa mga proseso at polisiyang nagpapalakas ng boses at impluwensiya ng karaniwang tao sa mga proseso ng pagdedesisyon. Makikita ito sa aktibo niyang pagkonsulta sa mga tao at organisadong grupo sa bawat hakbang ng pagpapaplano at pagkilos. Maaari din itong makita kung suportado niya ang karapatan ng lahat sa malayang pagpapahayag ng saloobin at opinyon. Ang demokratikong lider ay laging nagkokonsulta sa mga tao at nakikinig maging sa mga kasalungat niya ng opinyon o paniniwala.

- Pangalawa, siya ba ay **TRANSPARENT** at **ACCOUNTABLE**?

Gaya sa ating mga personal na relasyon, mahalaga na katiwa-tiwala ang ating mga lider. Kita ito kung sila ay transparent at may matibay na prinsipyo ng pananagutan.

Ang **transparency** ay tumutukoy sa obligasyon ng pamahalaan na magbigay ng tama, napapanahon, at mapagkakatiwalaang impormasyon ukol sa mga desisyon, polisiya, at mga programang ipinapatupad nito. Isang mahalagang instrumento ang transparency upang masiguro ng taumbayan na maayos ang pangangasiwa ng mga nasa gobyerno at walang nagaganap na anumang kurapsyon.

Dalawa sa mga pangunahing uri ng transparency sa gobyerno ay *proactive disclosure* at *freedom of information*.

Ang *proactive disclosure* ay ang kusang pagbabahagi ng pampublikong impormasyon.

Ang *freedom of information* ay ang pagbibigay pahintulot sa mamamayan na humingi o magbayad upang ma-*access* ang mga rekord ng gobyerno.



Ang **accountability** o pananagutan ay tumutukoy sa obligasyon ng isang lider na magbigay katwiran, sumali sa mga imbestigasyon, at humarap sa mga kaparusahang kaakibat ng mga bagay na kanyang ginawa o hindi ginawa bilang lider.

Sa isang relasyon, importante na may *accountability*. Kailangang klaro kung ano ang ipinangako at ano ang mga inaasahan. Mainam din na ang bawat isa ay handang umamin sa mga pagkukulang o di pagtupad sa obligasyon at pangako ng sa gayon ito ay mapanagutan at hindi na maulit sa hinaharap.

Sa gobyerno, isa sa mga porma ng pananagutan ay ang *horizontal accountability* kung saan sinisiyasat ng iba't ibang ahensya at institusyon sa gobyerno ang isa't isa upang maiwansan ang pang-aabuso sa kanilang kapangyarihan.

Halimbawa nito ang pagsuri ng *Commission on Audit* sa paggamit ng pondo ng gobyerno gamit ang **COA Reports** at ang pagsusumite ng mga opisyal ng kanilang *Statement of Assets, Liabilities, and Net Worth* (**SALN**) sa *Civil Service Commission* at sa *Ombudsman.* Maaaring magamit ang SALN sa pag-aaral kung may korupsyon o *unexplained wealth* ang mga kawani ng gobyerno.



**Mga kaugnay na konsepto: tiwala, *expectations, pagtupad sa pangako***

*Gamitin ang presentation slides sa p. __ para sa mga simpleng tanong kaugnay ito. Kumuha ng halimbawa sa mga naibahaging sitwasyon sa isang relasyon kung saan naipakita ang katangiang ito.*

# 1

## Pangatlo, siya ba ay nagsusulong ng **KARAPATANG PANTAO**?

"Respeto naman!" Madalas natin itong bukang-bibig dahil bilang tao, alam natin na meron tayong karapatan na hindi mabastos at mabuhay ng may dignidad. Pundasyon ito ng mainam na samahan at mas ligtas ang ating pakiramdam sa isang samahan na may respeto sa bawat isa.

Ang **karapatang pantao** ay mga karapatan natin bilang mga taong nabubuhay sa mundo. Hindi ito ibinigay ninuman o ng estado. Ito ay para sa lahat (universal) at likas (inherent) na taglay natin, saan mang bansa tayo ipinanganak, anuman ang ating relihiyon, kasarian, kulay, at lenggwahe.

May karapatan tayo sa buhay at mabuhay nang may dignidad -- may pagkain, edukasyon, trabaho, kalusugan, at kalayaan.

Ang mga karapatang ito ay ginagarantiya ng ating Saligang Batas at nakapaloob din sa iba't ibang mga *international treaties* at *conventions* na pinirmahan ng Pilipinas. Ayon sa United Nations, *"The true test of 'good' governance is the degree to which it delivers on the promise of human rights: civil, cultural, economic, political and social rights."* Sa paggawa ng mga polisiya't programa, tungkulin ng gobyernong tiyaking hindi nito nilalabag ang ating mga karapatan. Kaakibat din ng pagprotekta sa karapatan at interes ng sambayanan ang malayang paggana ng ating mga *demoratic institutions*, gaya ng *Congress, Supreme Court, Ombudsman,* at *Commission on Audit*; ibig sabihin, ang katapatan ng mga taong nagsisilbi sa mga ahensyang ito ay sa mga Pilipino at hindi sa lider ng bansa o kahit na sinong pulitiko.

**Mga kaugnay na konsepto: dignidad, respeto, malasakit, pag-alaga**

*Gamitin ang presentation slides para sa mga simpleng tanong kaugnay ito. Kumuha ng halimbawa sa mga naibahaging sitwasyon sa isang relasyon kung saan naipakita ang katangiang ito.*

1



## Panghuli, siya ba ay **PATAS** at **INKLUSIBO**?

Sa isang relasyon na may *equity* (patas) at *inclusiveness,* magaan ang pakiramdam dahil tanggap ng isa't isa anuman ang personalidad, edukasyon, kasarian, at iba pang katangian. Wala tayong takot na ipakita kung sino tayo dahil alam natin na hindi tayo mahuhusgahan o mabibiktima ng bias o diskriminasyon.

Ang isang mabuting lider ay sisiguruhin na ang lahat ay makakaramdam ng oportunidad na makabilang at maka-ambag sa kasaganahan ng lipunan, anuman ang estado natin sa buhay. Ang lider na naniniwala at umaasta ayon sa prinsipyong ito ay babaklas sa mga sistemang humahadlang sa pag-alwan ng buhay ng lahat, lalo na ng mga *vulnerable* at nasa laylayan.

Gaya ng lider na may respeto sa karapatang pantao, ang lider na patas at inklusibo ay magpaparamdam sa halaga ng bawat tao ano pa man ang ating pagkakaiba-iba. Siya ang tipo ng lider na gagawa ng mga polisiya at programa na walang maiiwan o maiitsa-pwera.

**Mga kaugnay na konsepto:**
**pagkilala, pagkakapantay-pantay, walang paghuhusga, walang bias, walang pagsasantabi, *equity vs. equality vs. social justice***

*Gamitin ang presentation slides sa para sa mga simpleng tanong kaugnay ito. Kumuha ng halimbawa sa mga naibahaging sitwasyon sa isang relasyon kung saan naipakita ang katangiang ito.*

1

Gawain

## Lektyur 2: Kapangyarihan bilang basehan ng mga relasyon

Napagtanto natin sa nakaraang lektyur na pareho ang mga gusto nating katangian sa isang OK na personal na relasyon at mga gusto nating katangian sa isang OK na relasyon sa mga politikal lider.

Kaugnay niyan ang kasabihan na ***"the personal is political"***. Lahat ng ating personal na kilos ay ekspresyong politikal na may implikasyong politikal. Halimbawa, ang pananahimik sa mga nakikitang mali ng ating mga lider na aakalaing personal na asta lamang ay isa palang politikal na desisyon na may politikal na epekto sa lipunan dahil ang pananahimik ang magbibigay daan para walang habas na pang-aabuso ng kapangyarihan.

Gayundin naman, ang mga politikal na desisyon ng ating mga lider ay direktang nakakaapekto sa ating mga personal na buhay.

Ano nga ba ang ibig sabihin kapag sinabi nating pulitikal? Ito ba ay madumi? Ito ba ay para sa mga nasa posisyon lamang?

Ang politika ay umiikot sa paggawa ng desisyon. Sa pagsasagawa o implementa sa ating mga desisyon, nandiyan ang paggamit ng kontrol. Nakadepende sa paggamit ng kapangyarihan ang lawak o hangganan ng kontrol.

"The personal is political," -- ang ating mga personal na relasyon at relasyon sa mga lider ay pulitikal dahil pareho silang nakatungtong sa kapangyarihan at kung paano natin ito nakakamit at ginagamit.

# 1

## Gawain

*Gamitin ang presentation slides sa "Power", para sa pagpapalalim ng diskusyon sa paggamit ng kapangyarihan.*

Ang kapangyarihan sa loob ng ating mga relasyon sa ay maaring mailarawan sa apat na paraan:

**Power over** - paggamit ng pormal na awtoridad at posisyon
- paggamit ng benepisyo at parusa
- nakatuntong sa puwersa, pamimilit, dominasyon at kontrol
- takot ang naguudyok para sa pagsunod

**Power with** - kolektibo
- desisyon ng lahat ng sangkot para sa kapakanan ng lahat
- nakatuntong sa kolaborasyon at samahan

**Power to** - pagkilala sa abilidad na umaksyon at makapagbago ng kalakaran

**Power within** - kapangyarihan ng kumpyansa sa sarili, sariling halaga, at pagkakilala sa sarili
- angking kapangyarihan; pakiramdam na may magagawa

Ang totoong kapangyarihan ay nagbibigay kapangyarihan sa kapwa na walang halong korupsyon.

Isang hamon ang maging lider na may kakayahang magbahagi ng kapangyarihan (*power with*), magbigay ng kapangyarihan (*empower to*), at magbigay ng inspirasyon na pukawin ang angking kapangyarihan (*power within*) ng bawat isa.

1

# Paglalagom

- **Ang personal ay pulitikal.** Ang ating mga relasyon, personal man o panlipunan, ay pulitikal dahil ang mga ito nakabatay sa kapangyarihan o kung paano ito nakakamit at ginagamit.

- Ang kapangyarihan sa loob ng ating mga relasyon sa ay maaring mailarawan sa apat na paraan: power over, power with, power to, power within. **"Ang totoong kapangyarihan ay nagbibigay kapangyarihan sa kapwa na walang halong korupsyon. "**

- Ang OK na relasyon ay katulad ng pagkakaroon ng isang demokratikong ugnayan, kung saan ang taong gusto nating pagtiwalaan ay may ganitong mga katangian:

  **Participatory**: Kasali at naiikonsidera ang pananaw ng taumbayan.
  **Transaparent at Accountable**: tapat at dapat walang itinatago. Dapat ang isang lingkod bayan ay humaharap kapag sinisinggil ang mga mali o hindi nagawa, kagaya ng sa relasyon nating pang-personal.
  **Nagsusulong ng karapatang pantao**: Iginagalang ang mga karapatan
  **Patas at Inklusibo**: Patas at walang iniiwan kahit na sino at anumang anyo, tribo, at pinanggalingan.

  Ang Hindi OK na relasyon ay kabaligtaran ng lahat ng ito. Ang mga itoay mga katangiang hanap natin sa personal o maging sa ating mga politikal na lider.

# Pagpapahalaga at pangarap na pag-unlad ~ 2 oras

# 2

### Layunin

- Mailarawan ang ibig sabihin ng pangarap na maginhawa at maunlad na buhay
- Maihambing ang sariling pangarap sa pangarap ng lider
- Matukoy ang ugnayan ng ating mga pangarap sa ating mga pagpapahalaga sa buhay

### Paghahanda

- Ihanda ang visual aid o presentation slides
  - Pangarap na Magandang Buhay
  - Tunay na Pagpapakatao at Pagkamakatao
  - Values Clarification

### Gawain

**Sabihin**

- Ang ating mga relasyon at ang paggamit natin ng kapangyarihan ang siyang daan at pamamaraan para marating ang ating mga pangarap.

- Bakit tayo nasasaktan? Nasasaktan tayo kung ang ating mga relasyon (sa sarili, at sa kapwa, sa lider ng bansa) ay lumalayo sa ating mga pangarap. Sa sesyong ito, ibabalangkas natin kung anu-ano ang mga pangarap na ito.

**Itanong**

Ano ang kahalagahan ng pangarap sa buhay natin?

- Mahalaga ang mga pangarap sa buhay natin dahil:
  - Larawan ito ng pagmamahal natin sa ating pamilya, kapwa, at bayan;
  - Kumakatawan ito ng ating mga pagpapahalaga sa buhay;
  - Batayan ng pakikibuklod sa kapwa at tuntungan ng pagkakaisa;
  - Basehan ng pagsukat kung tunay ba sa sinumpaang tungkulin ang ating mga lingkod-bayan.

# 2

**Kung face-to-face**
ng mga art materials at mga magasin na pwedeng gupitin at idikit sa vision board ng bawat isa.

**Kung online**
Gumamit ng online whiteboard para sa vision board ng bawat isa.

Kung face-to-face, maaaring magkape ang pares habang nag-uusap at siguraduhing komportableng nakapwesto sila nang magkaharap sa isa't isa.

## Indibidwal na pagbabahagi: Ang Pangarap Kong Maginhawa at Maunlad na Buhay

Igrupo ang mga kalahok sa dalawa at italaga ang mga paksang ito upang mapagnilayan, maisalarawan, at maibahagi sa lahat:

Unang Grupo Pangarap sa sarili at pamilya
Pangalawang Grupo Pangarap sa komunidad at bansa

## Role Play: Magkaintindihan Tayo
**(para sa sesyon na may mas mahabang oras)**

Kumuha ng mga volunteers, ipares sila, at magtalaga ng isang paksa na ididiskusyon ng kada pares.

Role ng isa sa pares: Tagatanong (part 1) at tagasagot bilang KUMBINSIDO sa paksa (part 2)

Role ng kapareha: Tagasagot bilang HINDI KUMBINSIDO (part 1) tagasagot (part 2)

Pagpipiliang mga paksa:

***Nakakatulong ang War on Drugs para tayo maging ligtas at maunlad.***

***Nakakatulong ang gobyerno ng China para tayo maging maginhawa at maunlad.***

***Kamay na Bakal ang kailangan para tayo maging maginhawa at maunlad.***

# 2

Part 1:
Itanong ang mga ito sa kaparehang KUMBINSIDO sa paksa:

- Bakit ka kumbinsido/hindi kumbinsido sa paksa?
- Ano ang mga datos o ebidensya na nagpatatag sa iyong posisyon?
- Ano ang mga rason para pagdudahan mo ang mga datos at ebidensya na iyong nabanggit?
- Ano ng masasabi mo sa mga kasalungat mo ng paniniwala?

Part 2:
Magpalit ng upuan at role. Ang nagtanong sa part 1 ay siya namang sasagot sa kaparehong mga tanong sa itaas bilang HINDI KUMBINSIDO sa paksa.

Ang mga tagatanong ay isusuma ang mga sagot ng kapareha bilang pagtatapos ng bawat parte.

Gamitin ang template na ito:

"Salamat sa iyong pagbabahagi, ayon sa aking pagkakakaintindi, ito ang iyong sagot sa unang tanong, pangalawang tanong, atbp."

**Sabihin**

May iba't iba tayong mga paghahalaga na pinagmumulan ng ating mga posisyon sa mga paksang nabanggit. Anuman ang mga ito, ang papel natin sa ating kapwa ay pakinggan ito ng walang galit at paghuhusga. Ang nakaraang ehersisyo ay isang halimbawa kung paano tayo makikipag-usap sa mga may ibang paniniwala gamit ang Socratic Method kung saan ang punto ng dayalogo ay mapalalim ang pang-unawa sa paksa, mapalabas ang mga pinanggagalingan ng posisyon, at mahasa ang kritikal na pagiisip at pagsusuri.

# 2

## Lektyur 1: Tunay na Pagpapakatao at Pagkamakatao

TUNAY (Authentic)
= para sa lahat ng tao
= para sa lahat ng aspeto ng buhay at pagiging tao
= para sa lahat ng panahon

PAGPAPAKATAO AT PAGKAMAKATAO (Humanism)
= pagtingin o paniniwala sa kahalagahan ng tao

Ang pamumuhay natin bilang tao ay nakabatay sa iba-ibang ugnayan o relasyon:

- Ugnayan sa daigdig/material na mundong ginagalawan: sapat na nakakatugon sa pangangailangan nang hindi nasisira ang kalikasan
- Ugnayan sa sarili: sapat na pagkakataong abutin ang sariling mga pangarap at hangarin at magamit ang sariling mga kakayahan; makapag-iisip at makakakilos nang may kalayaan
- Ugnayan sa kapwa at lipunan: Pakikipagkapwa – pantay na pakikipag-ugnayan sa kapwa ano man ang kalagayan sa lipunan
- Ugnayang ispiritwal: malayang maniwala sa sariling pananampalataya at mamuhay alinsunod sa mga paraang makakapagpasaya at magbibigay kahulugan sa buhay ng sarili at kapwa

*Gamitin ang presentation slides sa "Tunay na Pagpapakatao at Pagkamakatao", p. ___.*

# 2

## Lektyur 2: Pagpapalinaw ng mga Pagpapahalaga

Ang ating mga pagpapahalaga o "values" ay ang mga tao, bagay, o konsepto na pinapahalagahan natin sa ating pang-araw araw na buhay. Ang "core values" ay ang mga paniniwala na magbibigay paliwanag sa ating pagkatao at hindi ito nababago malagay man tayo sa anumang sitwasyon.

Self-knowledge o pagkilala sa sarili ang makatutulong para mapatalas ang ating pang-unawa sa ating mga pagpapahalaga.

Matapos na malinawan kung ano ang ating mga pagpapahalaga, ang hamon ay ang matapang nating maisabuhay ang mga ito.

Ang gusto sana natin, mabuhay tayo kung saan ang ating mga aksiyon at paraan ng pamumuhay ay nakaayon sa ating mga pagpapahalaga.

*Gamitin ang presentation slides sa "Values Clarification", p. ___ para sa mga tanong o instrumento para mapalinaw ang mga pagpapahalaga.*

2

# Paglalagom

**Batayan ng Pag-unlad: Ang tao at ang kanyang mga Ugnayan**

- Ipinanganak tayong may dignidad. Ang dignidad na ito ay nakapaloob sa ating pagkatao (inalienable) at ito ang basehan ng pantay-pantay na Karapatan nating lahat.
- Ipinanganak tayong malaya. Tulad ng dignidad, nakapaloob ito sa ating pagkatao at ito ang basehan ng ating mga desisyon at responsibilidad.
- Karapatan natin ang manampalataya at mamuhay na tumtugon sa ating mga pangangailangang materyal, emosyonal, at ispiritwal.
- Ang maunlad na buhay ay tumutukoy sa isang kalagayan kung saan ang tao at ang kanyang iba't ibang ugnayan ay nakararating sa pinakamahusay na kalagayan bilang isang kabuuan. (Ang ating pag-unlad ay nababatay sa ating pagkabuo bilang tao)
- Nasa ating pangarap at pagpapahalaga na mabuhay bilang taong may dignidad sa isang lipunang makatao at pantay-pantay sa mundong napag-iingatan ang kalakasan.

# Malawak na Kapangyarihan ng Gobyerno *~ 2 oras*

3

**Layunin**

- Maisalarawan ang halaga ng mga demokratikong institusyon
- Maipakita ang halaga ng mabuting lider at mabuting paggogobyerno sa pagkamit ng ating mga pangarap

**Paghahanda**

- Aralin ang presentation slides kung gagamitin ang case approach tungkol sa pandemya at i-update ang mga datos alinsunod sa mga bagong balita o reports

**Gawain**

**Sabihin**

- Sa sesyong ito, makikita natin na malaking bahagi ng pagkakamit ng ating mga pangarap sa buhay ay ang pagkakaroon ng gobyernong matapat, mapagkakatiwalaan, at nagtatrabaho para sa bayan. Ang pag-unlad ay posibleng mangyari lamang sa konteksto ng isang demokrasya.

- Makakamit ito kung ang mga tao ay pipili ng tamang lider tuwing eleksyon. Makakamit ito kung ang lider ay may kakayahang paganahin ng tama ang gobyerno.

- Sa sesyon na ito, makikita na kailangan at importante ang mga demokratikong institusyon sa mabuting pag-gogobyerno.

# 3

Pumili ng paraan ayon sa kahandaan ng mga kalahok

1. Case Approach
2. Mabuti/Hindi Mabuting Halimbawa
3. Isang Tanong, Isang Sagot

## Itanong

- Kumusta ang buhay-buhay? Ano ang matitinding hamon ang hinaharap mo? (halimbawa, sa kontekso ng pandemya, sakuna, krisis, etc.)
- Paano mo sinolusyunan ito?
- Anu-ano ang tulong na natanggap mo mula sa iyong barangay at sa mga iba-ibang ahensya ng gobyerno?

## Case Approach

- Gamitin ang presentation slides at video showing "What went wrong with Duterte's pandemic response" mula sa Rappler.com. I-akma o i-update kung may mga bagong balita or reports. Maaari ding gumamit ng iba pang *case* na napapanahon o mainit na isyu sa kasalukuyan gaya ng krisis, sakuna, etc.)

## Mabuti/Hindi Mabuting Halimbawa

- Hatiin ang grupo sa dalawa:
  Grupo 1: Magandang Halimbawa
  Grupo 2: Hindi Magandang Halimbawa

- Punan ang kaukulang table at ibahagi sa plenaryo:

  Grupo ng Magandang Halimbawa

| ***Pangalan at Posisyon ng Lider ng Pamahalaan*** | ***Maglista ng tatlong mga ginawang mabuti / magaling ng lider na ito para tugunan ang ____ (pandemya, etc.)*** | **Ilista ang mga ahensya / sangay ng gobyerno na pinakilos niya** |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

3

Grupo ng Hindi Magandang Halimbawa

| ***Pangalan at Posisyon ng Lider ng Pamahalaan*** | ***Maglista ng tatlong halimbawa ng pagpapabaya ng lider na ito noong panahon ng ___ (pandemya, etc.).*** | **Ilista ang mga ahensya / sangay ng gobyerno na hindi maayos na napakilos dahil sa kapabayaan ng lider na ito** |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

## Isang Tanong, Isang Sagot

Manghikayat ng pitong (7) volunteers. Ipasagot ang mga tanong na ito ng OO o HINDI, kasabay ng eksplanasyon kung BAKIT:

1. Kakayanin ba ng ating mga hinalal na lider na gawin ang kanyang tungkuling nang siya lang?
2. Ang hinalal na lider ba ang may-ari ng gobyerno?
3. Ang hinalal na lider ba ay higit sa batas?
4. Ang hinalal na lider ba ang bahala na sa lahat?
5. Kaya bang linisin mag-isa ng hinalal nating lider ang gobyerno?
6. Mararating mo ba ang pag-unlad na mag-isa ka lang?
7. Ang lider ba ang may kasalanan kung hindi tayo naging maunlad?

Maaring buksan para sa lahat ang talakayan sa bawat tanong.

3

# Paglalagom

## POLITIKA

- Ang Pilipinas bilang estado ay may demokratiko at republican na uri ng politika ayon sa ating Konstitusyon. Ibig sabihin, nasa mamamayan ang totoong kapangyarihan at pinili nating pamunuan ng isang presidente na pinagbobotohan natin tuwing eleksyon. Malinaw na hindi tayo simpleng mamamayan lamang na tagasunod sa ilalim ng isang makapangyarihang Hari o Reyna.

- Maging ang ating Konstitusyon ay may bisa dahil pinagbotohan natin ito sa pamamagitan ng isang plebisito. Ito ang *social contract* kung saan nagkasundo tayo sa ating mga pangarap bilang Pilipino, sa mga proseso at sistema kung paano natin gustong pamahalaan ang ating mga sarili, at sa ating mga karapatan at obligasyon sa isa't isa

## MABUTING PAG-GOGOBYERNO

- Inaasahan natin sa ating mga halal na politiko na gagamitin nila ang malawak ng kapangyarihan ng gobyerno para sa kapakanan ng taumbayan. Sa mabuting paggogobyerno, ang kapangyarihan ay ginagamit para gumawa at magpatupad ng batas, magbigay ng mga programa at serbisyo, at pangalagaan at gamitin sa tama ang malaking pondo na ibinilin natin sa kanila galing sa mga ibinayad nating buwis.

## KAUNLARAN

- Kung may lider na gagamitin ang politika para sa mabuting pag-gogobyerno, inaasahang abot-kamay natin ang pangarap na matugunan ang ating pangarap na mabuhay nang may dignidad sa lipunang patas at malaya, at sa daigdig na ang kapaligiran ay napapangalagaan at makakasapat sa pangangailangan ng kasalukuyang henerasyon at ng mga susunod pang henerasyon.

# 3





*Fig. 1* ***Social Contract na nagpapakita ng ugnayan ng Politika, Mabuting Pag-gogobyerno, at Kaunlaran***




***Fig. 2*** ***Mga sangay ng gobyerno ng Pilipinas na idinisenyo para sa "checks and balance"***

4

# Panawagang Pagkilos: Pakikilahok sa Politika

~ *2 oras*

**Layunin**

- Unawain ang kahalagahan ng pakikilahok sa politika
- Magbigay ng halimbawa ng mga porma ng pakikilahok
- Magbigay ng inspirasyon para umaksyon at makilahok sa sariling paraan

**Paghahanda**

- Ihanda ang videos at presentation slides.

**Gawain**

**Sabihin**

- Kailangan nating makilahok sa pulitika. Karaniwan, ang tingin natin sa politika ay madumi. Pag sinabing pulitiko, korap yan. Pero ang ibig sabihin ng pulitika ay may kaugnayan sa kapangyarihan. Ito ay may kinalaman sa kung paano ang kapangyarihan ay ginagamit ng mga mamamayan.

- Gamit natin ang ating kapangyarihan, una, tuwing eleksyon, at ikalawa, sa pamamagitan ng pagbabantay sa ating mga halal na pinuno. Karaniwang ang kapangyarihan na alam nating gamitin ay tuwing eleksyon lamang. Pero pagkatapos ng eleksyon, wala na tayong pakialam.

- Bilang mamamayan ng isang demokratiko at *republican* na estado, tayo ay may espasyo para patuloy na magbantay at makialam sa pag-gogobyerno dahil sa checks and balance na dinisenyo sa ating Konstitusyon.

- Ang politika ay kailangang demokratiko dahil kung hindi, ang kapangyarihan ay maabuso ng iilan. Nangyayari ang korupsyon at pang-aabuso dahil iniiwan natin sa mga pulitiko ang pulitika. Ang demokrasya ay hindi gagana nang mag-isa. Kailangang tayo ang paulit-ulit na magbantay at magpagana nito.

4

### Panonood ng video

Pumili ng ipapapanood na video na ukol sa pakikilahok sa politika gaya ng nasa baba. Maaari ring gumamit ng iba pang angkop na materyal.

I'm going into politics" mula sa Nas Daily

https://www.facebook.com/nasdaily/videos/350995725686895

Politics | Governance | Development: Filipino version mula sa INCITEGov

https://www.youtube.com/watch?v=ukqBiy7AZSc

### Punan ang mga patlang

| |
|---|
| Ang pulitika ay tungkol sa ______________________.(Paano gagamitin ang kapangyarihan para isulong ang interes ng nakararami.) |
| Mahalaga makilahok sa pulitika dahil _______________________.(Ito ang paraan para natin mabago ang kalakaran.) |
| Kung hindi tayo lalahok sa pulitika, ang maaring mangyari ay __________________. (Mananatili ang mga corrupt/walang silbi/diktador ang nasa kapangyarihan.) |
| May iba-ibang pamamaraan ng pakikilahok sa pulitika. Ang mga ito ay: ___________. |

# 4

## Indibidwal na pagbabahagi

Paano kayo nakikilahok sa politika sa inyong sariling paraan?

## Lektyur

Mga simpleng bagay na pwede nating gawin para makabuluhang makilahok **tuwing eleksyon**:

- Magrehistro sa COMELEC at mag-aya ng mga kaibigan na marehistro din.
- Manood ng mga *presidential debates* at alamin ang mga kaganapan sa mga kampanya ng kandidato.
- Bumuo ng *study groups* na magsasaliksik sa mga kandidato at kanilang agenda. Mag *fact-check* din ng mga *fake news* na lumalabas tungkol sa kanila.
- Kung kaya, magdisenyo ng mga publikasyon na madaling maintindihan tungkol sa pagpili ng tamang kandidato at hindi pagbebenta ng boto.
- Makipag-usap sa mga kaibigan, kaklase, kapitbahay, kamag-anak, atbp. at magpalitan ng kuro-kuro tungkol sa mga batayan sa pagpili ng iboboto.
- Sumali sa mga *volunteer groups* na nagsusulong ng malinis at tapat na eleksyon.
- Aralin ang iyong mga napiling kandidato, aktibo silang ipangampanya, at ipaliwanag bakit sila ang mga napili.
- Bumoto sa mga lider na kumakatawan sa mga prinsipyo, pagpapahalaga, at mga pangarap na binalangkas sa modyul na ito.

# 4

Mga simpleng bagay na pwede nating gawin para makabuluhang makalahok **matapos ang eleksyon**:

- Mag-monitor ng balita at bantayan kung tutuparin ng mga nahalal na lider ang kanilang mga ipinangako noong kampanya.
- Sumali o mag-*volunteer* sa mga aktibidad ng mga samahang sibiko o sa mga adbokasiyang mahalaga sa iyo.
- Maglaan ng kaunting oras kada araw para mag *fact-check* at itama sa pribadong paraan ang mga *fake news* na sinasang-ayunan ng mga kakilala sa *social media*.
- Gamitin ang boses at kapangyarihan bilang mamamayan kung may mga nakikitang mali o pang-aabuso sa mga lider at sangay ng gobyerno.
- Mag-aral nang mabuti, maging mabuting mamamayan, at ituloy ang pagtupad sa mga pangarap bitbit ang mga mahahalangang natutunan sa modyul na ito.

4

# Paglalagom

- Ang politika ay kailangang demokratiko dahil kung hindi, ang kapangyarihan ay maaabuso ng iilan. Nangyayari ang korupsyon at pang-aabuso dahil iniiwan natin sa mga pulitiko ang pulitika.

- Ang demokrasya ay hindi gagana nang mag-isa. Kailangang tayo ang paulit-ulit na nagmamasid, nagbabantay, at nakikilahok sa pagpapagana nito.

- Ang politika ay hindi lamang para sa mga politiko.

- Ang pakikilahok natin sa politika bilang mamamayan ay hindi tuwing eleksyon lamang. Walang pinipiling panahon ang paggamit natin sa ating kapangyarihan para masigurong gumagana ang politika at gobyerno nang naaayon sa pangarap nating magandang bukas.

- Kapag panahon ng eleksyon, maaaring ipapanood ang music video sa pagtatapos ng modyul:

  "Sana Naman Taumbayan"
  https://www.youtube.com/watch?v=XbvIQVQg5uI

- Pasagutan din ang post-test bago tuluyang isara ang huling sesyon.

# Sanggunian

## Sesyon 1


- Bjuremalm, Helena, Alberto Fernández Gibaja, and Jorge Valladares Molleda. Democratic Accountability in Service Delivery: A practical guide to identify improvements through assessment. Sweden: International Institute for Democracy and Electoral Assistance, 2014. https://www.idea.int/sites/default/files/publications/democratic-accountability-in-service-delivery.pdf
- Kerina Wang. “How to make sense of government accountability.” World Bank Blogs, Jan. 21, 2015, https://blogs.worldbank.org/governance/how-make-sense-government-accountability
- GSDRC. “Accountability and responsiveness of the state and society.” https://gsdrc.org/topic-guides/voice-empowerment-and-accountability/supplements/accountability-and-responsiveness-of-the-state-and-society/. Accessed Mar. 16, 2022.
- Manasan, Rosario G., Eduardo T. Gonzalez, and Romualdo B. Gaffud. “Indicators of Good Governance: Developing an Index of Governance Quality at the LGU Level.” *Philippine Institute for Development Studies*, Discussion Paper Series No. 99-04, March 1999, https://dirp4.pids.gov.ph/ris/pdf/pidsdps9904.PDF
- Thomas Carothers and Saskia Brechenmacher, “Accountability, Transparency, Participation, and Inclusion: A New Development Consensus?,” Carnegie Endowment for International Peace, Oct. 20, 2014, https://carnegieendowment.org/2014/10/20/accountability-transparency-participation-and-inclusion-new-development-consensus-pub-56968.
- International City/County Management Association, “Transparent Governance & Anti-Corruption,” https://icma.org/transparent-governance-anti-corruption. Accessed Mar. 23, 2022.
- “Government transparency,” Ballotpedia, https://ballotpedia.org/Government_transparency. Accessed Mar. 23, 2022.
- “Transparency as a precondition,” United Nations Office on Drugs and Crime, First published January 2020, https://www.unodc.org/e4j/en/anti-corruption/module-6/key-issues/transparency-as-a-precondition.html. Accessed Mar. 23, 2022.
- International Institute for Democracy and Electoral Assistance and Open Government Partnership, “Policy Brief: Political Finance Transparency,” March 2019, https://www.idea.int/sites/default/files/publications/political-finance-transparency.pdf.

- 1987 Constitution of the Republic of the Philippines, https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1987-constitution/
- Republic Act No. 6713, also known as Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees. Feb. 20, 1989, https://www.ombudsman.gov.ph/docs/republicacts/Republic_Act_No_6713.pdf.
- Coghlan, D., & Brydon-Miller, M. (2014). *The SAGE encyclopedia of action research* (Vols. 1-2). London, SAGE Publications Ltd DOI: 10.4135/9781446294406 https://methods.sagepub.com/reference/encyclopedia-of-action-research/n241.xml
- Levi-Faur, David (2012). The Oxford Handbook of Governance. London, Oxford University Press DOI: 10.1093/oxfordhb/9780199560530.013.0032 https://www.oxfordhandbooks.com/view/10.1093/oxfordhb/9780199560530.001.0001/oxfordhb-9780199560530-e-32
- *What is good governance?* PDF file. https://www.unescap.org/sites/default/files/good-governance.pdf
- Hanisch, C. "The Personal is Political: The Women's Liberation Classic with a new explanatory introduction," January 2006. http://www.carolhanisch.org/CHwritings/PIP.html

## Sesyon 2

- Paul, R. & Elder, L. (2006). *The Thinker's Guide to the Art of Socratic Questioning*. Foundation for Critical Thinking. https://www.criticalthinking.org/files/SocraticQuestioning2006.pdf
- Sutton, J. (2020). *Socratic Questioning in Psychology: Examples and Techniques.* Positivepsychology.com. https://positivepsychology.com/socratic-questioning/techniques
- Tunay na Pagpapakatao at Pagkamakato. Basic Orientation Seminar, Alyansa ng Kristiyanong Mag-aaral (AKMA)

## Sesyon 3

- 1987 Constitution of the Republic of the Philippines, https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1987-constitution/
- The Social Contract in P-G-D framework. Internal document. INCITEGov
- Branches of Government of the Philippines. (2020) Commission on Human Rights. https://www.facebook.com/chrgovph/photos/sa-structure-ng-pamahalaan-may-mga-tinatawag-na-constitutional-commissionoffices/3008660362583822/